# Transisyon: ang positibong pagsisimula sa paaralan

**Mga patnubay na tutulong sa mga pamilya na kumpletuhin ang Pahayag sa Transisyon sa Pag-aaral at Pag-unlad (Transition Learning and Development Satement)**

## Bakit mahalaga ang positibong pagsisimula sa paaralan?

Ang positibong pagsisimula sa paaralan ay makakatulong sa iyong anak na higit pang matuto at maging mas masaya kapag lumipat mula sa kindergarten patungo sa paaralang elementarya at sa kaniyang pag-aaral sa hinaharap. Ang positibong transisyon ay nakakatulong din sa pagpapatuloy ng pag-aaral at pag-unlad ng iyong anak, sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa mga dati at kasalukuyang karanasan ng iyong anak upang matulungan siyang maging ligtas, may-kumpiyansa at konektado. Ang positibong pagsisimula sa paaralan ay makakatulong din sa kaniya na maging mas matatag.

## Ano ang Pahayag sa Transisyon sa Pag-aaral at Pag-unlad (Transition Learning and Development Satement)?

Ang mga serbisyo ng maagang pagkabata (early childhood services), mga paaralan, mga serbisyo ng Outside School Hours Care (OSHC) at mga pamilya ay nagtutulungan upang suportahan ang pag-aaral at kagalingan ng mga bata. Nagbabahagi ang mga ito ng impormasyon gamit ang Transition Learning and Development Statement (TLDS). Ito ay isinulat ng serbisyo ng early childhood para sa bawat bata sa kanilang pagpasok sa paaralan.

Ang TLDS ay nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa pag-aaral, pag-unlad, at kagalingan ng iyong anak sa pagitan ng mga serbisyo ng early childhood at mga paaralan. Ang TLDS ay nagbibigay ng pagsipat sa mga interes, kasanayahan at kakayahan ng iyong anak at tinutukoy ang mga indibidwal na pamamaraan at mga istratehiya sa pagtuturo upang suportahan ang iyong anak.

Matutulungan ka ng TLDS na maunawaan at suportahan ang pag-aaral ng iyong anak sa pagsisimula niya sa paaralan. Ang impormasyon sa TLDS ay tumutulong sa mga guro ng Foundation na makilala ang iyong anak at magplano ng naaangkop na mga programa sa pagtuturo. Kung ang iyong anak ay nasa OSHC, tumutulong din ang TLDS na magplano para sa kanilang oras doon.

Ang TLDS ay mayroong ilang mga personal na detalye kabilang ang pangalan ng iyong anak, kaarawan at larawan, pati na rin ang iyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Maaaring naglalaman din ito ng pangalan at mga detalye sa pakikipag-ugnayan ng ibang mga propesyonal sa early childhood na sumuporta sa iyong anak.

Ang pag-aambag sa TLDS ng iyong anak ay isa sa mga aktibidad sa pagtransisyon sa mababang paaralan na maaari ninyong salihan ng iyong anak nang magkasama bago magsimula ang paaralan.

## Paano ko maa-access ang TLDS ng aking anak?

Ang serbisyo ng early childhood ng iyong anak ay magbibigay sa iyo ng link para sa Online TLDS tool. Ang Online TLDS ang pinakamahusay na paraan upang makumpleto ang TLDS.

Kung hindi mo magamit ang online na tool, maaari kang humingi na lang ng kopya sa papel.

## Aling bahagi ng TLDS ang pupunan ko?

*Ang seksyon 1* at *1.1* ay pupunan ng early childhood educator ng iyong anak.

*Seksyon 1.2* maaaring kumpletuhin ng early childhood educator ng iyong anak kung ang iyong anak ay may pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan. Ang ibang mga propesyonal na tumutulong sa iyong anak ay maaari ring magdagdag sa bahaging ito.

*Seksyon 2: Ang Bata* ay kukumpletuhin ng iyong anak kasama ang isang taong may sapat na gulang na kilala niya nang husto. Ito ay maaaring ikaw, o ang kanilang early childhood educator.

*Seksyon 3: Ang Pamilya* ay pupunan mo. Ang iyong sasabihin ay mahalaga. Ang bahaging ito ay may mga tanong upang matulungan kang ibahagi ang mga interes ng iyong anak, gayundin ang iyong mga iniisip at inaasahan para sa iyong anak sa paaralan. Ang pagsagot sa mga tanong na ito ay makakatulong sa mga guro at kawani ng OSHC (kung naaangkop) na tumugon at maunawaan ang iyong anak, na susuporta sa kaniyang pag-aaral at pag-unlad.

## Ano ang mangyayari pagkatapos makumpleto ang TLDS?

Pagkatapos makumpleto ang TLDS, bibigyan ka ng iyong early childhood educator ng nakumpletong kopya.

Ibabahagi rin ng iyong early childhood educator ang nakumpletong TLDS sa paaralan ng iyong anak at serbisyo ng OSHC (kung naaangkop).

Kung hindi ka sigurado kung saang paaralan papasok ang iyong anak, bibigyan ka ng iyong early childhood educator ng pangalawang kopya ng TLDS. Maaari mo itong ibigay sa paaralan sa pag-enrol mo ng iyong anak.

Kung hindi mo nakumpleto ang *Seksyon 3: Ang Pamilya*, ibabahagi pa rin ng early childhood educator ng iyong anak ang iba pang mga nakumpletong seksyon sa paaralan at serbisyo ng OSHC (kung naaangkop) at bibigyan ka ng mga kopya na ibinahagi.

Napag-alaman ng pananaliksik at feedback mula sa mga paaralan na ang pagbabahagi ng impormasyong ito ay susuporta sa matagumpay na paglipat sa paaralan. Kung mas gusto mong hindi ibahagi ang TLDS sa paaralan ng iyong anak, mangyaring talakayin ito sa early childhood educator ng iyong anak.

Ang angkop at ligtas na impormasyon ay nakakatulong sa mga propesyonal sa edukasyon at pangangalaga sa Victoria na magkaroon ng kaalaman at impormasyong kailangan upang matiyak ang kagalingan at kaligtasan ng bata.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [https://www.vic.gov.au/information-sharing-schemes-and-the-maram-framework](https://www.vic.gov.au/information-sharing-schemes-and-the-maram-framework)

## Para sa karagdagang impormasyon

Para sa higit pang kaalaman, maaari kang bumisita sa [www.vic.gov.au/transition-school-resources-families](https://www.vic.gov.au/transition-school-resources-families)

Ang impormasyong ito ay makukuha rin sa ilang wika ng komunidad sa kaparehong link na ito: [www.vic.gov.au/transition-school-resources-families](https://www.vic.gov.au/transition-school-resources-families)